



# Tungkol sa Kalusugan

## Lymphoma

### Ano ang lymphoma?

Ang lymphoma ay kanser sa lymphatic system ng katawan. Ang lymphatic system ay binubuo ng lymphatic vessels, lymph nodes, tonsil, spleen at ng thymus. Ang mga organs at tissues nito ay nagtataglay ng isang uri ng white blood cells na tinatawag na lymphocytes.

### Paano naapektuhan ng lymphoma ang mga taong may HIV/AIDS?

May dalawang pangunahing uri ng lymphoma: Hodgkin's lymphoma at non-Hodgkin's lymphoma (NHL). Ang NHL ang pinaka-pangkaraniwang uri ng lymphoma na natatagpuan sa mga taong may HIV/AIDS.

Sa mga may HIV/AIDS, ang lymphoma ay nauugnay sa pangkukulang ng immune system. Kapag humina ang immune system, ang mga B lymphocytes sa katawan ay lumalabis ang sigla, nagiging abnormal ang laki, at siyang nagiging lymphoma.

Ang lymphoma ay maaring mangyayari maging anuman ang bilang ng CD4 (T-cells), ganumpaman, mas pangkaraniwan ito sa mga taong ang bilang ng CD4 ay mas mababa sa 100.

### Anu-ano ang mga palatandaan at sintomas ng lymphoma?

Ang mga sintomas ng lymphoma ay batay sa kung anong bahagi ng katawan ang apektado. Nangyayari ito sa ibat'-ibang bahagi ng katawan tulad ng lymph nodes, spleen, atay, sistemang panunaw o sa utak.

Ang pinaka madalas na sintomas ng lymphoma ay lagnat, pamamawis kung gabi (night sweats), pangangayayat, di-inaasahang pagkapagod at pamamaga ng mga lymph nodes sa buong katawan. Doon sa lymphoma na umaapekto sa utak at spinal cord (ang central nervous system), ang mga sintomas ay: pananakit ng ulo, pagkalito, pagiging limot, seizure at pagkawala ng boses o ng iba pang gawain ng katawan.

### Paano nasusuri ang lymphoma?

Napag aalaman kung and isang tao'y may lymphoma sa pamamagitan ng pagkuha ng maliit na piraso mula sa naapektohang bahagi, at sa pagsusuri ng tissue nito. Ito'y tinatawag na biopsy. Ang lymphoma sa central nervous system ay nakikita sa pamamagitan ng CT-scan o MRI scan ng ulo.

Sa pamamagitan ng biopsy, natitiyak ang pagkakaroon ng cancer cells at malalaman kung gaano kabilis ang paglaki ng mga ito.

Sang-ayon sa bilis ng paglaki ng cancer cells, ang lymphoma ay maibubukod na low-grade (mabagal ang pagkalat); immediate grade (mas mabilis ang pagkalat kaysa sa low-grade) o high grade (agresibong pagkalat).

Sa sandaling matiyak na may lymphoma sa pamamagitan ng biopsy, may iba pang pagsusuri na isinasagawa upang alamin kung gaano kalaganap ang pagkalat nito. Ito ay tinatawag na *staging* at nakatutulong upang alamin kung anong lunas ang pinakamahusay dito.



Ang staging ng kanser ay ginagawa sa tulong ng X-rays, bone marrow biopsies, lumbar puncture, CT-scans o MRI scans na magpapakita kung gaano kalaki ang paglaganap ng lymphoma sa ibat-ibang bahagi ng katawan.

### **Paano ginagamot ang lymphoma?**

Ang paglunas sa lymphoma ay nababatay sa iba't-ibang sanhi:

- uri ng lymphoma
- gaano ito kalaganap
- gaano kabilis ang paglaki nito
- Ang pangkalahatang lagay ng kalusugan ng pasyente, lalu na ng kanyang immune system.

Ang paglunas sa lymphoma ay nahahalintulad sa paglunas sa ibang uri ng kanser:

Chemotherapy na nagtataglay ng kombinasyon ng anti-cancer na mga gamut, o radiotherapy sa pamamagitan ng X-rays, o ibang uri ng radyasyon, o kombinasyon ng dalawang uri ng pangagamot.

Ang mga panlunas na ito ay maaaring magtaglay ng malalakas na side effects at lalung magpahina ng immune system. Kailangang bawasan ang iniinom kung labis ang panghihina ng immune system. May ibang mga gamut na iniinom upang mabawasan ang mga hindi kanais-nais na side effects at maiwasan ang komplikasyon dahil sa opportunistic infections.

Makipag-usap sa iyong manggagamot tungkol sa pag-inom ng mga gamot laban sa HIV habang linulunasan ang iyong lymphoma. Ang mga gamot laban sa HIV ay maaring makapagpabuti ng iyong immune system at sa iyong pag-asang mabuhay.

### **Paano maiiwasan ang lymphoma?**

Walang tiyak na paraan upang maiiwasan ang lymphoma. Ganumpaman, sa dahilang ang lymphoma ay nauugnay sa mahinang immune system, ang pag-inom ng mga gamot laban sa HIV upang mapanatiling malusog ang immune system ang pinakamabisang paraan para maiwasan ang lymphoma.

**Copyright @ACAS 2001 & 2005.** This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : [www.acas.org/treatment](http://www.acas.org/treatment). ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: [support@acas.org](mailto:support@acas.org)

**Legal Disclaimer:** While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.